

## INILABAS NA BALITA

**ILALABAS KAAGAD:** ika-27 ng Hulyo, 2018

**MAKIPAG-UGNAYAN KAY:** Tom Flannigan, 415.215.7212

### **Nagpasimula ang Air District at Proyekto ng Pangkapaligirang Mga Palatandaan ng West Oakland ng bagong komite na mamahala sa pagpapasya para bigyang-pansin ang pagpaparumi sa hangin**

*Nilalayon ng mga pagsusumikap na pagandahin ang kalidad ng hangin at bawasan ang mga epekto sa kalusugan ng publiko sa West Oakland*

**SAN FRANCISCO** – Ngayong araw, ang Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin (Bay Area Air Quality Management District, BAAQMD), sa pakikipagtulungan sa Proyekto ng Pangkapaligirang Mga Palatandaan ng West Oakland, ay nagsagawa ng unang pagpupulong ng komite na mamahala sa pagpapasya para bumuo ng plano ng aksyon sa komunidad para pagandahin ang kalidad ng hangin at kalusugan ng publiko sa West Oakland. Ang Lungsod ng Oakland, ang Puwerto ng Oakland at mga apektado mula sa komunidad ng West Oakland ay lumahok sa pagsusumikap na ito.

Binigyan ng pahintulot ng AB 617, nakikipagtulungan ang Air District sa mga apektado sa komunidad sa pamamagitan ng Programa ng ahensiya para sa Pagprotekta sa Kalusugan ng Komunidad para buuin ang ilang dekada nang trabaho para tugunan ang mga lugar na may pinakamaraming pagpaparumi sa hangin at gumamit ng mga makabagong solusyon na hahantong sa masusukat na mga pagpapaganda sa kalidad ng hangin. Natukoy ang West Oakland bilang nangungunang komunidad para simulan ang mga programa sa pagbawas ng mga emisyon sa komunidad na ginagabayan ng bagong buong komite na mamamahala sa pagpapasya.

“Matagal nang nagtutulungan ang Air District at ang Proyekto ng Pangkapaligirang Mga Palatandaan ng West Oakland para sa mahigit sa isang dekadang pagpapaganda ng kalidad ng hangin sa lugar,” sabi ni Jack Broadbent, tagapagpaganap na opisyal ng Air District. “Ang pagtutulungan ay hahantong sa mga programa ng lugar para sa pagbawas ng partikular na emisyon at titiyakin nakatuon sa komunidad na ito ang karagdagang mapagkukunan at magbibigay ng blueprint para sa mga gagawing pagsusumikap sa hinaharap sa karagdagang lugar.”

“Pinahahalagahan namin ang mahalagang pakikipagtulungan sa Air District at talagang hinihikayat na malaman ang taos-pusong mga pangako mula sa alkalde ng aming lungsod, miyembro ng konseho at ang Puwerto ng Oakland,” sabi ni Brian Beveridge, Kasamang Direktor ng West Oakland Environmental Indicators Project. “Ang pagpupulong ngayong araw ay mahalagang unang hakbang para magdala ng pagbabago sa West Oakland. Ang tunay na gawain ng pag-alis ng panganib sa kalusugan mula sa nakamamatay na polusyon ng diesel sa lugar ay magsisimula na ngayon.”

“Nasasabik kaming tumulong sa pagsisimula ng prosesong ito na pinangungunahan ng komunidad,” sabi ni Libby Schaaf, alkalkde ng Oakland. “Mapalad ang ating lungsod na magkaroon ng magagandang institusyon sa komunidad para tumulong sa pangunguna at pagbuo ng pinakamatibay na plano na maaari. Nangangako ang Oakland na mabilis na magpatupad ng mga solusyon para matiyak na makikinabang ang lahat ng ating residente sa magandang kalidad ng hangin.”

Ang AB 617 ay ang batas ng estado na ipinasa kasama ng muling pagbibigay ng pahintulot ng programang cap-and-trade (pagbibigay ng insentibo sa pagbawas ng pagpaparumi) ng California, ang pangunahing bumubuo sa mga pagsusumikap ng estado para bawasan ang pagbabago ng klima. Kinikilala ng batas na habang nakakita ng malaking pagpapaganda sa kalidad ng hangin ang California, hindi lahat ng komunidad ay nagbenepisyo rito nang patas. Ang ilang komunidad na malapit sa mga freeway, daungan, industriya o iba pang pinagmumulan ng malaking pagpaparumi ay kailangan ng karagdagang pagtuon at mga mapagkukunan para bawasan ang mga antas ng pagkakalantad.

Kasunod ng pagpapasa ng AB 617, binuo ng Air District ang Programa sa Pagprotekta sa Kalusugan ng Komunidad, isang inisiyatiba ng pakikipagtulungan kasama ang Lupon ng Mga Mapagkukunan para sa Hangin ng California at ng mga komunidad ng Bay Area na nakatuon sa pagbawas sa mga epekto ng kalidad ng hangin sa mga lugar na pinakaapektado ng pagpaparumi sa hangin. Ang programang ito ay makikipatulungan kasabay ng Programa sa Pagprotekta sa Hangin ng Komunidad sa buong estado ng Lupon ng Mga Mapagkukunan para sa Hangin ng California.

Ang [Bay Area Air Quality Management District](#) ay ang panlalawigang ahensiya na responsable para sa pagprotekta ng kalidad ng hangin sa Bay Area na may siyam na county. Makipag-ugnayan sa Air District sa pamamagitan ng [Twitter](#), [Facebook](#), at [YouTube](#).

###

---

*Tanggapan ng Air District tungkol sa Mga Pakikipag-ugnayan*  
375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105  
[Homepage ng Air District](#) | [Mga Inilabas na Balita](#)